DepEd Advisory No. 155, s. 2015
June 2, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG KONGRESO 2015 NG SANGGUNIAN SA FILIPINO (SANGFIL) INC.

Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) Inc. na binubuo ng Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo't unibersidad sa pagtataguyod ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng *Pambansang Kongreso 2015* na may temang *Inobasyon, Integrasyon at Indehinisasyon ng Filipino Tungo sa ASEAN 2015* mula ika-16 hanggang ika-18 ng Hulyo 2015 sa University of Baguio Cardinal Gym, General Luna Road, Baguio City.

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. mabigyang tuon ang mga inobasyon, integrasyon at indehinisasyon ng Filipino kaugnay ng tungkulin at kahalagahan nito sa ASEAN 2015;
2. mabigyang halaga ang ugnayan ng Filipino sa iba't ibang disiplina tulad ng Antropolohiya, Pilosopiya, Agham Panlipunan, at iba pang larang tungo sa intelektuwalisasyon at inobasyon sa pagkamit ng hangarin ng ASEAN 2015;
3. mabigyang pokus ang tungkulin ng unang wika at multilingguwal na pag-aaral sa pagpapalalim ng indehinisasyon tungo sa pagpapaunlad ng wikang Filipino; at
4. maiangat ang antas ng kalidad at kasanayan sa wika, panitikan, kultura at iba pang kaugnay na larang batay sa nakaraan hanggang kasalukuyang kalakaran patungo sa hinaharap ng edukasyon.

Ang mga inaasahang dadalo ay mga tagapangulo at miyembro ng kaguruan sa Filipino mula sa mga pampubliko at pampribadong paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Prof. Elena Bautista
  Direktor ng Pambansang Kongreso 2015
  Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) Inc.
  University of Baguio, General Luna Road, Baguio City
  Mobile Phone: 0929-800-4076
  Email: ebautista16@yahoo.com

- Dr. Roberto D. Ampil
  Sekretaryo-Heneral
  Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) Inc.
  Mobile Phone: 0908-561-9124
  Email: ampil_2003@yahoo.com